



## OFFICE OF THE MAYOR

Balay ti Ili  
Santa, Ilocos Sur, 2703

T 077 725 5503  
F 077 725 5510  
mayor@santa.ph

[santa.ph](http://santa.ph)

Ang mamamayan ng Santa, Ilocos Sur ay nakikiisa at sumusuporta sa mga residente ng Mankayan sa pagdepensa ng kanilang lupain, kabuhayan at buhay sa mga banta ng patuloy na operasyon at ekspansyon ng Lepanto Consolidated Mining Company (LCM Co.).

Mariin naming kinokondena ang naganap na bayolenteng pagtataboy ng mga elemento ng pwersang panseguridad ng Lepanto at ng Philippine National Police (PNP) sa barikada noong Setyembre 17.

Kinikilala namin ang karapatan ng mga residente ng Mankayan, Benguet sa pagsasagawa ng barikada upang ipaglaban ang kanilang karapatan sa lupain, kabuhayan, at buhay sa gitna ng panggigipit ng LCMCo. Nakakalungkot na sa mga sitwasyong ganito ay nagiging instrumento ang PNP, AFP at iba pang ahen-sya ng gobyerno kagaya ng NCIP at CHR para ipagtanggol ang malalaking kompanya at lalong makapanamantala sa mga mamamayan.

Sa loob 76 taong pagmimina ng LCMCo, marami ng mga palayan, palais-daan at tirahan sa mga bayan ng Quirino, Cervantes, Santa, Caoayan, at Vigan ang nalason, nawasak at nasira dahil sa serye ng dam collapse ng minahan. Ang lasong itinatapon ng minahan sa Abra River ay nagreresulta sa pagkasira ng kabuhayan, tirahan, at pati na buhay ng mga residente ng mga komunidad.

Ang pagtindi ng mga pinsalang ito kasabay ng lumalawak na protesta ng mamamayan ang nagtulak sa League of Municipalities of the Philippines (LMP) Sur Chapter para ipasa ang isang resolusyon na nananawagan sa pagpapatigil ng operasyon ng LCMCo. Ang resolusyon ay ipinasa dahil naniniwala ang LMP Ilocos Sur na ang mga pinsala sa aming bayan ay matitigil lamang kapag tumigil na ang operasyon ng LCM Co.

Bukod sa polusyon ng Abra River, kinakaharap ngayon ng mamayan ng Ilocos Sur ang banta ng black sand mining. Kaya hindi malayong ang karahasang ginawa sa mga miyembro ng SMM ay mangyari sa mga mamamayan ng Ilocos Sur na kontra sa pagmimina. Ngunit ang ipinakitang tapang at kahandaan ng mamamayan ng Mankayan ay nagbibigay sa amin ng higit na lakas ng loob at hamon na patuloy na depensahan ang natitira naming kabuhayan at kalikasan para sa mga susunod na henerasyon.

Nananawagan kami sa mga kapatid natin sa Ilocos Sur na maglabas ng mensahe ng pakikiisa sa mamamayan ng Mankayan at ipanawagan ang pagtigil ng operasyon ng LCMCo. Sana ay magsilbing hamon ang pangyayaring ito para magkaisa tayo laban sa patuloy na pang-aabuso sa kalikasan at pagkawala ng ating lupa at kabuhayan.

Para sa kinabukasan,



JEREMY JESUS DE PERALTA BUENO III

Mayor, Santa, Ilocos Sur

Secretary, League of Municipalities of the Philippines, Ilocos Sur